## Chapter 35

Chapter 35

Kumurap-kurap siya habang nakatanga kay Alejandro. “S-Sinong Al-Sharique?”

Umiling ang lalaki. “This is confidential and this must remain a secret.”

Iyon ba ang nagdudulot ng panganib sa kanila ngayon. Iyon ba ang dahilan kung bakit pinapalabas sila ni Gideon ng bansa. Pangalan pa lang pang-kontrabida na.

“He was one of those men who led the syndicate that Gideon was hunting four years ago. Gideon killed the b *stard’s brother after they tried to ambush him. Napabagsak ni Gideon ang sindikato pero nakulong lang si Al-Sharique. Nakatakas siya ngayon at bumalik sa bansa para gantihan ang asawa mo. And when I say he’s up for revenge, it means you, your daughter, your family and his.” 2

Kinagat niya ang kuko sa kanyang daliri. “Anong g-gagawin natin?”

“I don’t have any idea.Nawalan kami ng kontak sa kanya.”

Mas lalo siyang kinabahan sa narinig mula rito. Napakagat niya ang pang-ibabang labi at naluluha na sa kinatatayuan. Umalis siya sa harap ni Alejandro at naglakad pabalik sa living room kung saan wala na ang mama niya at si Caius.

Hinagilap niya ang kanyang cellphone at nanginginig ang mga kamay na ni-dial ulit ang numero ng asawa. Nang hindi pa rin ito sumasagot, naramdaman na niya ang tuluyang pagtulo ng mainit na likido mula sa kanyang mga mata. 1

Mabilis niyang pinunas iyon kahit at pinigilan ang sarili na umiyak kahit ang bigat-bigat na ng pakiramdam niya.

“D-Daddy,” hindi niya napigilan pumiyok nang sagutin ng ama ni Gideon ang tawag niya.

The old man Carlo Vesarius has wide connections despite of his age. Mabait ang matanda kahit nakaka-intimida ang presensya nito at hindi pala-imik katulad ng asawa niya.

“Shush now!” wika niyon sa kabilang linya.

“Lyzza,” narinig naman niyang tawag sa kanya ng Mommy Gerona niya na malamang ay nasa tabi ito ng daddy ni Gideon. 1

“Mommy,” parang bata siyang nagsusumbong.

“It’s okay Lyzza. Hindi mapapano si Gideon.”

“Kasi po baka kung anong gawin niya.”

“I already coordinate with my connections to look for him. Don’t worry,” ani ng Daddy Carlo niya.

“Don't worry about Summer, Darling. Nasa loob siya ng kwarto ni Carollete nang mangyari ang panglo-loob kagabi. Hindi naka-akyat sa ikatlong palapag dahil nahuli agad ng mga gwardiya.

“Pwede po bang kunin ko siya ngayon? Gusto ko po siyang mayakap.” Kinagat-kagat niya ang kanyang labi dahil hindi siya mapakali sa mga nangyayari. 1

“No problem, Darling. Nandiyan pa ba si Alejandro? Magpasama ka sa kanya. Isama mo na rin si Balae at Caius. Mas mabuti na magkakasama tayo.”

“Opo.”

Sir Carlos Vesarius asked her to hand over the phone to Alejandro.

Inabot niya sa matalik na kaibigan ng asawa ang kanyang cellphone. Ilang sandali muna siya nitong tinitigan na para bang sinusuri nito ang mukha niya, bago nito inilagay ang cellphone sa tainga.

Naglakad ito patungong garden. Mukhang importante at pribado ang pag-uusapan ng dalawa.

Nanghihinang napa-upo siya sa sofa at niyakap ang mga tuhod bago natulala sa kisame. Naghalu-halo ang gutom at kaba niya ng mga oras na iyon. Bakit ba kasi umalis si Gideon ng walang pasabi? Hindi man lang ito nagdahan-dahan. Akala ba niya ay ito ang pinaka-kalmadong taong nakilala niya.

Hindi niya alam! Gusto niyang intindihin ang naramdaman nito nang malaman na pinuntirya ng mga hudyong iyon si Summer. She will do the same if she was in her husband's shoes. But she just can't help but to worry about him.

Sabi ni Alejandro, pinuno raw iyon ng sindikato. Ibig sabihin, hindi lang iyon basta-basta at kaya niyon makipagsabayan sa asawa niya. Paano na lang kung mabaril ang asawa niya? Paano na lang kung...

He can't die! He can't die and leave them. Hindi sila pwedeng iwan ni Gideon dahil sandali pa lamang nila ito nakakasama. Paniguradong iiyak si Summer at masasaktan ang bata. Hindi siya nito pwedeng iwan dahil hindi niya pa nasasabi na maha—.

"Lyzz, please pack some of your things. You and your family will stay in Vesarius Mansion. It's Tito Carlos'

order."

Tumango siya at ilang minuto pa ang nakalipas ay nasa loob na sila ng sasakyan ni Alejandro. May dalawa pang kotse na may sakay na mga bodyguard ang ipinadala ng Daddy Carlos niya para sa kanila. Siniguro ng biyenan niya na walang mangyayari sa kanya pati na rin sa kanyang ina at kapatid.

Nasabi sa kanya ni Alejandro na hindi pagnanakaw ang motibo ng mga taong pumasok sa bahay nila. They are Al-Sharique's men. Mabuti na lang at nagmamasid din ng pasikreto si Alejandro. Hindi nito sinunod ang sinabi ng asawa niya na huwag maki-alam. Sabi ito sa kanya ay hindi raw nito maatim na tumayo lang o magtago sa isang tabi habang nasa panganib ang matalik nitong kaibigan.

Mahigpit niyang niyakap si Summer nang salubungin siya nito sa living room nang makarating sila sa Vesarius Mansion. Katulad nga ng sinabi sa kanya ni Carollete, mas humigpit ang seguridad ng mansion.

Maraming nagkalat na mga gwardiya.

"Mommy, Papa Grandpa said that I won't go to school today," agad nitong wika sa kanya.

"Yes, Baby. Hindi muna ngayon ha?!"

"Why po?" inosente nitong tanong at nagpalipat-

lipat pa ang tingin sa mama niya na kausap si Mommy Gerona at kay Caius na nasa tabi niya.

“Kasi mapanganib sa labas?”

“Why po danger and why do you have band-aid on your forehead, Tito Cai?”

“Hindi ito band-aid, Bubuwit. Gauze pad ang tawag dito.”

“Big version of band-aid?” kulit pa nito at kapagkuwan ay muling nagpalinga-linga na tila may hinahanap. “Where’s Daddy?”

“May kailangan lang siyang gawin,” palusot niya at binuhat ang anak niya.

Pinagamit sa kanila ng in-laws niya ang kwarto ni Gideon habang ang ina niya naman at si Caius ay inukopa ang guest room na dating ginamit ng mga ito. Pinuntahan niya rin si Carollete sa kwarto nito. Nalaman niya kasi kay Mommy Gerona na may galos daw ito dahil na-itulak ng nanloob. Ito raw kasi ang unang nakapansin sa mga estrangherong anino sa loob ng mansion kagabi.

“Ayos lang ako, Ate Lyz. Galos lang ‘to,” parang wala lang na iwinagayway nito ang kamay. Hindi rin nito alintana ang maliit na hiwa sa labi nito na mukhang tinamaan ng suntok.

“Masakit ‘yan. Ginamot mo na ba? Tara, gamutin natin.” Na kay Caius si Summer at manonood daw ang mga ito ng cartoons.

“Pinagamot ko na ‘Te kanina kay Mommy. At saka maliit lang naman ‘to.” Nagawa pa nitong tumawa.

“Rolle, nasuntok ‘yan.”

“Ayos nga lang ako, ‘Te. At saka as if naman papayag ako na hindi makaganti. I am Carollet Vesarius, duh! Compare to this?” Carollete pointed the cut on her lip. “Maliit lang na bagay ‘to. Hindi na yon makakalakad.”

“Ano?”

“Binalian ko ng paa. Ang lakas ng loob na tutukan ako ng baril kagabi at takutin, ang baho naman ng hininga niya.” Umakto pa ito na parang nasusuka. “ Ew! He needs to make sure that he doesn’t have a bad breath before shouting at my face.” 1

Hindi makapaniwalang napatingin siya rito. Hindi siya makapaniwala na ang katulad nito ay may binalian kagabi.

“You should know how to do martial arts. Kayong dalawa ni Summer. Kuya enrolled me in Martial arts class when he was still in military.” Pinisil ni Carollete ang kanyang kamay at malamlam na

tumingin sa mga mata niya. "You know, I like you for Kuya. I never see him this happy before."

"Palagi siyang seryoso. Mahal ng ngiti, eh."

Humagikhik si Carollete at isinukbit ang kamay sa braso niya. "Ayan, huwag ka ng mag-alala kay Kuya. Siyam ang buhay no'n. Pero seryoso nga, after kasi ng divorce ni Kuya, hindi siya umuwi rito sa bahay. He went straight to his job. Kahit noon pa naman eh, palagi siyang seryoso. Sabi ni Mommy, mana raw si Kuya kay Daddy. Palaging gusto siya ang masusunod. Diktador. Pero ngayon, hindi nakakatanggi kay Summer."

"He just loves his daughter so much."

Tumango si Carollete at nginitian siya. "And he loves you that much."

Nawala ang ngiti niya sa mga labi at napatanga kay Carollete.

"Bakit parang gulat ka, Ate Lyz?"

"H-Hindi..." umiling siya, "hindi niya ako mahal. Nagkakamali ka." She heaved a sigh and put her back against Carollete's headboard. "Hindi talaga namin mahal ang isa't isa."

Kumunot ang noo ni Rolle.

"Ano kasi..." Binasa niya ang labi niya. Hindi niya kasi alam kung tama bang sabihin niya rito ang totoong estado ng relasyon nila ni Gideon pati na rin ang nakaraan nila at kung bakit may cute na cute silang anak.

"Hindi namin mahal ang isa't isa. Nagkasundo lang kami na magpakasal kasi pareho namin gusto na mabigyan ng kompletong pamilya si Summer. At saka ..."

"At?"

"Hindi naman talaga namin ine-expect si Summer. Kinailangan ko kasing..."

Muling hinawakan ni Carollete ang kamay niya. " Alam namin."

"Huh?"

"Actually, sina Mommy lang may alam tapos narinig ko kasi tsismosa ako," hagikhik ng babae.

"Nakakahiya man pero wala akong pinagsisisihan."

"There is nothing to be embarrassed about. Kasi na-prove mo lang kung gaano mo kamahal ang mama mo. If I were also in your shoes, gagawin ko rin iyon. Hindi ko sinasabing tama iyon, ha? Pero kasi, if you are in desperate situation and you have no other



option except the things that are in front of you, you have no choice but to grab that. Lalo na if it's a matter of death and life di ba?"

"Thank you," madamdamin niyang wika sa babae.

"Asus, ito naman. Kaya ka love ni Kuya eh."

"Hindi nga niya ako mahal."

Umingos ang babae sa kanya, kumukontra sa sinasabi niya. "Hindi siya papasok sa isang commitment na nilabasan niya na kung hindi ka no'n mahal. Trust me."